# Kalayaan

Opisyal na Pahayagan ng KABATAANG MAKABAYAN — Espesyal na Isyu MAYO 2003


# Pagpupugay sa isandaang taong maningning na anti-imperyalistang pakikibaka ng kilusang paggawa

**Pahayag ng Kabataang Makabayan (KM) sa Pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa**
**Mayo 1, 2003**

Nagpupugay ang Kabataang Makabayan sa kilusang paggawa sa Pilipinas sa isandaang taong maningning at militanteng anti-imperyalistang pakikibaka nito. Sa nagdaang sansiglong pakikibaka, mulat at organisadong kumilos ang uring manggagawa, hindi lamang para sa kanilang pang-unyong karapatan, kundi higit pa para sa ganap na pagpapalaya ng mga uring pinagsasamantalahan.

Bunga ng pagsapit sa ikaapat na yugto ng krisis ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo, pinakamaigting ang tunggalian sa pagitan ng mga imperyalista at mga inaaping sambayanan. Simula noong dekada ’80 hanggang ’90, ipinangalandakan sa mga kolonya at neo-kolonya, sa pamamagitan ng diktang ‘globalisasyon’ ng IMF-WB-WTO, ang pang-ekonomikong pandarambong ng imperyalistang Estados Unidos. Ang resulta — lalong pagpapanday at pagpapatatag sa hanay ng manggagawa laban sa mga patakarang imperyalista. Ngayong tuwiran ang pagpapakatuta ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo sa ‘gera laban sa terorismo’, bitbit ng kilusang paggawa ang aral ng mga nagdaang pakikibaka para mapagpasyang pamunuan ang pagtutol sa lantarang militaristang panghihimasok.

Kaya naman marapat lang na ipagdiwang sa araw na ito ang mga makabuluhang ambag ng kilusang paggawa sa pambansang pagpapalaya at anti-imperyalistang prente.

Bago pa man pumutok ang rebolusyong Pilipino, habang papasibol pa lamang ang kilusang unyon, nagwelga na ang mga manggagawa para igiit ang makataong kundisyon sa mga pagawaan noong 1872. Sinupil ito ng kolonyal na mananakop sa makasaysayang Cavite Mutiny.

Nang pumutok ang Rebolusyong 1896, mahalaga ang naging papel ng bagong usbong na uring proletaryado sa paghubog ng makauring kaisipan sa lipunan. Bagamat hindi pa lubos na maunlad ang ideolohiya, pulitika, at organisasyon, nagsilbing binhi ang kanilang pakikidigma laban sa kolonyalismong Espanyol sa pagsulong ng makauring rebolusyon.

Sa pagkakatatag ng Union Obrera Democratica (UOD) noong 1903, naituon ang turol ng bigwas ng mamamayang anti-imperyalista. Higit na lumakas ang pakikibaka para sa pambansang kasarinlan at pagpapalaya sa uri. Bitbit ang Marxistang islogan ng First International, “ang pagpapalaya sa uring manggagawa ay tungkulin ng mga manggagawa mismo,” nagkahugis ang kilusang paggawa bilang progresibong uring ginagabayan ng sariling ideolohiya.

Sa kabila ng panunupil ng imperyalistang US at paggamit sa mga traydor na Pilipino upang wasakin ang kilusang paggawa, patuloy itong lumawak. Sa harap ng Malakanyang noong Mayo 1, 1903, inilunsad ang demonstrasyon ng 100,000 manggagawa upang kauna-unahang ipagdiwang ang araw ng paggawa sa Pilipinas habang isinisigaw ang “Kamatayan sa Imperyalismong Estados Unidos”.

Hindi malayo ang kasalukuyang kaayusan isandaan taon na ang dumaan. Higit na mapanalasa ang imperyalismong US upang manguna sa imperyalistang hatian ng mga teritoryo sa pamamagitan ng mas agresibong militaristang patakaran. Matapos wasakin ang Afghanistan, sinalanta naman nito ang mamamayan ng Iraq at nagbabanta naman ngayon laban sa mga bansang naggigiit ng kasarinlan.

Hindi rin malayong ituon nito ang gerang agresyon sa Pilipinas. Itinuturing ng US na banta sa mga interes nito sa Asya-Pasipiko ang rebolusyonaryong pwersa sa bansa. Nasa bungad na muli ang paglulunsad ng Balikatan 03 sa Mindanao, ngayon, mas malawak at direkta ang papel ng mga tropang Amerikano. Minamadali rin ang pagpapasa ng Anti-Terrorism Bill sa Kongreso at Senado.

Ngunit mula sa mayamang aral ng kasaysayan ng kilusang paggawa at mamamayang Pilipino sa pakikibaka para sa pambansa at makauring pagpapalaya, tiyak na mabibigo ang mga imperyalistang tangka ng U.S. Patuloy na isusulong ng buong rebolusyonaryong kilusan ang digmang bayan bilang sagot sa imperyalistang agresyon sa bansa.

*Ipagdiwang ang ika-100 taon ng anti-imperyalistang pakikibaka ng kilusang paggawa!*
*Ibagsak ang imperyalismo!*
*Isulong ang Digmang Bayan hanggang tagumpay!*